

KAPAG ANG PUBLIC GUARDIAN AND TRUSTEE ANG COMMITTEE

**Impormasyon para sa Kliyente kapag
ang PGT ang kumikilos
bilang Committee of Estate**



**PUBLIC GUARDIAN
AND TRUSTEE OF
BRITISH COLUMBIA**

Kapag ang PGT ang Committee

Impormasyon para sa Kliyente kapag ang PGT ang kumikilos bilang Committee of Estate

Talaan ng Nilalaman

PANIMULA	3
ANO ANG ISANG COMMITTEE?	3
Ano ang isang committee of estate?	3
Kailan kailangan ang isang committee?	4
Sino ang maaaring maging committee?	4
Paano ina-appoint ang isang committee of estate?	5
ANO ANG TUNGKULIN NG PGT BILANG COMMITTEE OF ESTATE?	5
Pagsasangkot ng mga kliyente at pamilya	6
Pagsisimula	6
Pangangalap ng impormasyon	7
Pagkolekta ng kita at pagbabayad ng bills	7
Pamamahala ng mga ari-arian	8
Mga bayarin at gastos	9
PAGTATAPOS NG TUNGKULIN NG PGT BILANG COMMITTEE OF ESTATE	10
Kapag ang nasa hustong gulang ay mayroon nang kakayahan o ang PGT ay hindi na kailangan	11
Kapag ang isang committee ay pinalitan	11
KAPAG ANG KLIYENTE AY NAMATAY	11
Pagsasaayos ng libing	12
Mga panimulang hakbang	12
Paglilipat ng ari-arian	12
Ang legal na awtoridad ng PGT sa panahon ng paglilipat	12
Kapag ang tagapagpatupad o pinakamalapit na kamag-anak ay hindi matagpuan	12
IMPORMASYON SA KARAPATAN	13
MAKIPAG-UGNAYAN SA PGT	Likurang Pahina

PANIMULA

Kapag ang isang nasa hustong gulang ay nangangailangan ng tulong sa pamamahala ng kanilang mga gawain dahil sa kawalan ng kakayahang pangkaisipan dahil sa isang sakit, aksidente, kapansanan o sakit na nauugnay sa pagtandâ, ang kanilang pagpapasya ay maaaring may kapansanan sa sa ilang mga paraan. Ang nasa hustong gulang ay maaaring hindi na magagawang gampanan ang pang araw-araw na mga gawain na mahalaga sa kanilang kalusugan at kaligtasan. Maaari nilang makalimutan na magbayad ng bills o magtago ng pera at makalimutan kung saan ito inilagay. Ang nasa hustong gulang ay maaaring nalilito tungkol sa pagbabangko, pamumuhunan, ari-arian, at personal na kagamitan. Bilang resulta, ang mga nasa hustong gulang maaaring madaling pagsamantalahan sa ating lipunan.

Bawat taon maraming mga tao ang nakikipag-ugnayan sa Public Guardian and Trustee (PGT) upang malaman kung ano ang maaari nilang gawin upang makatulong sa isang nasa hustong gulang, na kaibigan o kamag-anak na mapamahalaan ang kanilang sarili. Sa maraming pagkakataon, ang taong nakikipag-ugnayan sa PGT ay nagagawang maibigay ang tulong na kailangan. Ito ay mahalaga, dahil ang mga taong pinakamalapit sa nasa hustong gulang ay madalas na siyang nakapagbibigay ng pinakamahusay na pangangalaga at pagdamay. Kapag walang sinuman na gusto at magagawang tumulong, ang PGT ay maaaring gampanan ang tungkulin na pagtulong sa nasa hustong gulang.

MAHALAGANG TANDAAN: Ang impormasyong ito ay naglalarawan ng mga serbisyo ng PGT kapag umaakto bilang committee of estate para sa mga nasa hustong gulang na legal na ipinahayag na wala nang kakayahang pangasiwaan ang kanilang mga gawaing pinansyal.

Tinutukoy ng publikasyong ito ang mga legal na kinakailangan ngunit hindi ito legal na payo. Ito ay pangkalahatang impormasyon at hindi kapalit ng isang legal na payo. Kapag kailangan mo ng legal na payo na kaugnay ng committee ship, dapat kang kumonsulta sa isang abogado.

ANO ANG ISANG COMMITTEE?

Kapag ang isang nasa hustong gulang ay nangangailangan ng tulong upang pangasiwaan ang kanilang mga pinansyal at legal na gawain, sila ay maaaring nakapagplano nang maaga at nagbigay ng awtoridad sa ibang tao na gumawa ng mga pagpapasya sa pamamagitan ng isang pangmatagalan na power of attorney o isang kasunduang maging kinatawan (representation agreement). Kung ang mga ito ay hindi naihanda at kailangan ng isang tao upang tulungan ang nasa hustong gulang dahil ito’y wala nang kakayahan, madalas ay naga-apply ang isang kaibigan o kamag-anak sa hukuman upang pangasiwaan ang mga gawaing pinansyal ng nasa hustong gulang na iyon. Ito ay tinatawag na “committee of estate” (“komite ng ari-arian”) na alinsunod sa *Patients Property Act (Batas ukol sa Ari-arian ng Pasyente)*. Kung walang pamilya o mga kaibigan na gusto at magagawang kumilos bilang committee, ang Public Guardian and Trustee (PGT) ay maaaring mai-appoint sa halip.

Ano ang isang committee of estate?

Ang isang committee of estate ay isang tao na ini-appoint upang gumawa ng mga desisyong pinansyal at legal para sa isang nasa hustong gulang na wala nang kakayahan at nangangailangan ng tulong. Ang committee of estate ay maraming mga responsibilidad kabilang ang pagprotekta sa mga ari-arian (assets), pagkumpirma kung karapat-dapat para sa mga benepisyo, pagtanggap ng kita, pagbabayad ng bills, pagkontrata para sa mga serbisyo, pagmimintina, pagbili at pagbebenta ng mga lupain, pamamahala ng pamumuhunan (investments), pagbabayad ng buwis at pagbibigay para sa naaangkop na mga legal

dependents. Kabilang sa mga legal na responsibilidad ang kumikilos bilang litigation guardian sa batas sibil na usapin. Sa pagpapatupad ng mga tungkulin, ang isang committee ay kinakailangan upang mapaunlad ang pagsasarili ng nasa hustong gulang at hikayating lumahok ito sa anumang paggawa ng desisyon na nakakaapekto sa kanya.

Ang isang committee of estate ay hindi gumawa ng mga desisyon na may kaugnayan sa pangangalaga ng kalusugan, pagpapasok sa pasilidad at paninirahan o iba pang mga personal na desisyon. Ang ilan o lahat ng mga desisyon ay maaaring gawin sa pamamagitan ng iba pang mga uri ng kapalit na tagapagdesisyon tulad ng isang committee of person (komite ng mga tao), isang kinatawan sa ilalim ng isang kasunduang maging kinatawan o ng isang pansamantalang kapalit na tagapagdesisyon para sa pangangalaga ng kalusugan. Kung ang pahintulot para sa isang desisyon sa pangangalagang pangkalusugan ay kailangan at walang sinuman na makapagbibigay nito, ang PGT ay maaaring magkaroon ng awtoridad na kumilos bilang pansamantalang kapalit na tagapagdesisyon.

[Kailan kailangan ng isang committee?](#)

Kahit na ang isang nasa hustong gulang ay maaaring wala nang kakayahang pangasiwaan ang sarili niyang mga gawaing pinansyal at legal, maaaring may kakayahan pa rin siyang gawin ang ilang mga desisyon. Ang pagpapasya kung ang nasa hustong gulang ay may kakayahang pamahalaan ang kanyang mga gawaing pinansyal at legal ay tinatanggap, batay sa isang pagtatasa (pagtatasa) na tumutukoy kung ang nasa hustong gulang ay may kakayahang pangkaisipan na maintindihan ang epekto ng mga desisyon na kailangang gawin. Ang paga-appointment ng isang committee of estate ay isang “last resort” at isinasaalang-alang lamang kapag ang lahat ng mga opsyon, tulad ng pension trusteeship (tagapangasiwa ng pensiyon), kasunduang maging kinatawan, pangmatagalan na power of attorney, ay nasubukan na. Para sa karagdagang impormasyon tingnan ang “Options to Consider” (“Mga Opsyon na Isasaalang-alang”).

Kapag kumikilos bilang committee of estate, nagsusumikap ang PGT na maibigay ang antas ng tulong na kinakailangan ng nasa hustong gulang, maisangkot ang nasa hustong gulang sa paggawa ng desisyon, at mapaunlad nito ang pagsasarili. Ang mga kagustuhan ng nasa hustong gulang at mga nakagawian ay isinasaalang-alang kapag nagpapatupad ang PGT ng fiduciary duties (ipinagkatiwalang tungkulin) . Ang bawat sitwasyon ng nasa hustong gulang ay natatangi.

[Sino ang maaaring maging committee?](#)

Kapag ang committee ay kinakailangan, maaaring mag-apply sa hukuman ang isang kaibigan, miyembro ng pamilya o trust company para maging isang committee upang pangasiwaan ang mga gawain ng taong nangangailangan ng tulong. Ito ay tinatawag na isang “private committee.” Kung mayroon kang alam na isang taong nangangailangan ng tulong at interesado kang maging private committee nito, mangyaring tingnan ang aming [“Private Committee Handbook”](#) at [“How You Can Help”](#) ([“Manwal sa Pribadong Komite”](#) at [“Paano Kayo Makaktulong”](#)).

Ang PGT ay umaakto bilang committee sa mga kalagayan na walang pamilya o mga kaibigan na gusto at magagawang kumilos, o kapag may alitan sa mga miyembro ng pamilya kaugnay ng committee at nais nang isang walang kinikilingang partido ang gumampan ng tungkulin ng committee. Ang PGT ay hiwalay sa pamahalaan sa paggawa ng desisyon na may kaugnayan sa kliyente at mayroon itong tungkulin na maging matapat sa kliyente.

Paano ina-appoint ang isang committee of estate?

Ang isang committee of estate ay maaaring mai-appoint sa dalawang paraan:

- a) **Sa pamamagitan ng isang Sertipiko ng Kawalang-kakayahan (Certificate of Incapability):** Ang isang sertipiko ng kawalang-kakayahan ay maaaring i-issue ng isang awtoridad sa kalusugan (health authority) matapos na isagawa ang isang pagtatasa ng kawalang-kakayahan sa nasa hustong gulang. Kapwa kasama sa pagtatasa ang mga medikal at functional na bahagi at dapat na matugunan ang mga pamantayan ng batas. Sa prosesong ito ina-appoint ang PGT bilang "statutory property guardian" ("tagapag-alaga ng ari-arian ayon sa batas") na alinsunod sa *Adult Guardianship Act*. Sa oras na ma-appoint, ang PGT ang nagiging committee of estate batay sa *Patients Property Act*. Ang PGT lamang ang maaaring ma-appoint sa ganitong paraan.

- b) **Sa pamamagitan ng hukuman:** Ang sinumang tao o ang PGT ay maaaring mag-apply sa hukuman upang mai-appoint na committee of estate batay sa *Patients Property Act*. Isasaalang-alang ng hukuman ang mga opinyon ng dalawang doktor, na nakilala at sumuri sa nasa hustong gulang, at iba pang may kinalamang impormasyon.

ANO ANG TUNGKULIN NG PGT BILANG COMMITTEE OF ESTATE?

Kapag ang Public Guardian and Trustee (PGT) ay ini-appoint na committee of estate para pangasiwaan ang mga gawaing pinansyal ng isang nasa hustong gulang, nagiging kliyente ng PGT ang nasa hustong gulang iyon. Ang PGT, katulad ng iba pang mga committee of estate, ay may tungkulin na protektahan ang ari-arian ng kliyente at may awtoridad na pamahalaan ang lahat ng ari-arian ng kliyente. Ang lahat ng ari-arian ay patuloy na pag-aari ng kliyente at pinoprotektahan sa ngalan ng kliyente.

Ang tungkulin ng PGT bilang committee ay upang pamahalaan ang assets ng kliyente para sa kabutihan niya at mga legal na dependent(s) ng kliyente. Ang lahat ng mga pagkilos at mga desisyong gagawin ng PGT ay dapat para sa kapakinabangan ng kliyente, at batay dito, isasaalang-alang ng PGT ang mga personal na sirkumstansya ng kliyente at natatanging sitwasyon ng pamilya sa paggawa ng mga desisyon sa ngalan ng kliyente. Ang PGT ay pinapatnubayan ng mga prinsipyo ng *Adult Guardianship Act*, at ang tungkulin na mapaunlad ang pagsasarili ng kliyente at maisangkot ang nasa hustong gulang sa paggawa ng desisyon, hangga't maaari. Isasangkot ng PGT ang kliyente, at / o mga apektad o kasangkot na pamilya at mga kaibigan, sa paggawa ng mga desisyon, kapag naaangkop.

Ang mga gawaing pinansyal at legal ng bawat kliyente ay pinangangasiwaan sa indibidwal na batayan upang makapaghatid ng pinakamahasay na resulta sa kliyente. Ang isang Client Service Team, kasama ang isang case manager at staff na dalubhasa sa mga pinansyal at legal na usapin ang namamahala sa mga pinansyal at legal na gawain.

Ang committee of estate ay MAAARING gumawa ng mga desisyon tungkol sa:	Ang committee of estate ay HINDI maaaring gumawa ng mga desisyon tungkol sa:
Pagprotekta ng aria-arian (assets)	Pangangalaga sa kalusugan
Paga-apply para sa mga benepisyo	Mga personal na desisyon
Pagtanggap ng kita	Placement at pagsasaayos ng paninirahan
Pagbabayad ng bills	Kasal o diborsyo*
Pagkontrata para sa mga serbisyo	Pag-ampon*
Pagmimintina, pagbili, at pagbebenta ng lupain	Pagboto*
Pamamahala ng mga pamumuhunan	Paggawa ng isang testamento*
Pagbabayad ng buwis	Paglilitis ng kriminal na kaso*
Pagbibigay ng naaangkop para sa legal dependents	Mga usapin sa Imigrasyon*

*Walang kapalit na tagapagdesisyon ang maaaring gumawa ng mga desisyon sa ganitong usapin.

Pagsasangkot ng mga kliyente at pamilya

Bilang committee, sinusuportahan at itinataguyod ng PGT ang pagsasarili ng mga kliyente at isinasangkot sila hangga't maaari sa paggawa ng mahahalagang desisyon. Ang case manager ay makikipagkita sa mga kliyente upang tukuyin ang mga pangangailangan, mga prayoridad, antas ng paglahok at upang bumuo ng isang plano. Kapag ang assets ay ligtas at may kakayahan ang kliyente, babawasan ng PGT ang pagsangkot nito sa pang araw-araw na mga desisyon tulad ng pamimili sa grocery at paglilibang. Maraming mga kliyente ang nagmimintina at gumagamit pa rin ng kanilang sariling bank account.

Isinasangkot ng PGT ang kliyente at apektadong pamilya sa mga pangunahing pagpapasya sa mga pinansyal at legal na gawain. Ang antas ng paglahok ay depende sa mga bagay na tulad ng kagustuhan ng kliyente, mga nakaraang nakagawian, kakayahan ng kliyenteng umunawa, interes at pagiging lagging handa ng mga pamilya, ang kakagyatan ng sitwasyon at pagiging kompidensiyal.

Sa mga kalagayan kung saan may mga pinansyal na mga pagpapasya na maaaring makaapekto sa personal o pangangalaga ng kalusugan, ang PGT ay nagtatrabahong kasama ng nasa hustong gulang at / o iba pang may legal na awtoridad, tulad ng committee o ang kinatawan ng kliyente, upang matiyak na ang mga pagpapasyang ginawa ay nasa pinakamabuting na interes ng kliyente.

Patients Property Act, s. 18(2)

Ang isang committee ay dapat na, kung makatwiran, itaguyod ang pagsasarili ng pasyente at hikayatin na lumahok ang pasyente sa anumang paggawa ng mga desisyon na nakakaapekto sa pasyente.

Pagsisimula

Pagkatapos na ma-appoint bilang committee of estate, ang PGT ay makikipag-ugnayan sa kliyente at ipapaliwanag sa kliyente ang mga susunod na aktibidad. Ang isang bagong kliyente ay maaaring asahan ang mga sumusunod na gagawin ng PGT:

- Ipaalam sa kanila ang tungkol sa mga opsyon para sa pangalawang pagtasa o muling pagtatasa;
- Itaguyod ang pagsasarili at hikayatin na lumahok ang mga kliyente sa paggawa ng desisyon;
- Ayusin ang unang pagbisita sa kliyente;

- Mangalap ng impormasyon mula sa pamilya, mga kaibigan at mga pinansyal na institusyon;
- Makipag-ugnayan sa pinansyal na institusyon tungkol sa mga kapangyarihan ng PGT bilang committee of estate;
- Hilingin sa PGT inspectors na siyasatin tahanan/ ari-arian ng kliyente;
- Magsagawa ng isang imbentaryo at protektahan ang asset;
- Ipamahagi ang mga personal na kagamitan / lupain na ari-arian, kapag naaangkop;
- Hanapin kung nasaan ang testamento;
- Harapin ang anumang mga legal na isyu;
- Magdibelop ng isang pagpapalano (case plan) at badyet;
- Maghanda ng isang bagong address at mapapadalhan ng sulat, kung kinakailangan; at
- Isaayos ang mga kita at bayarin (bills) at mag-ayos para sa mga awtomatikong pagbabayad.

Pangangalap ng impormasyon

Ang PGT ay nangangalap ng pinakamaraming impormasyong kailangan nito hangga't maaari tungkol sa mga gawain ng kliyente upang makita ang buong larawan ng kalagayang pinansyal ng kliyente. Sa maraming mga pagkakataon, ang kliyente ay hindi magawang ganap na mailarawan ang kanyang mga ari-arian, kita, mga utang at iba pang mga responsibilidad.

Hangga't maaari, ang PGT ay nangangalap ng impormasyon mula sa iba't ibang pagmumulan. Hinihikayat ang mga kamag-anak na makipag-usap sa case manager upang talakayin ang mga kagustuhan ng kliyente at mga alalahanin sa gayon ay maibigay ng case manager ang pinakamahusay na magagawang serbisyo. Isang pormularyo ng mga katanungan ay ipinadadala sa kasangkot na pamilya at mga kaibigan at ang mga kasagutan dito ay lubhang nakatutulong sa pamamahala ng mga gawain ng kliyente, lalo na kapag naisumite kaagad. Anumang impormasyon na maaaring magbigay sa case manager ng mas mahusay na pag-unawa sa mga sirkumstansya ng kliyente, o sitwasyon ng pamilya, ay makakatulong upang magawang magbigay ng pinakamahusay na serbisyo.

Para sa isang takdang panahon, ang mga sulat ng kliyente ay diretsong ipadadala muna sa PGT upang tumulong sa pagtukoy ng mga kita, ari-arian at pananagutan (liabilities) na kailangang mapamahalaan. Ang lahat ng mga personal na sulat ay ibibigay sa kliyente.

Nakatuon ang PGT sa pagpapanatili ng pagiging kumpedensyal at seguridad ng impormasyon ng kliyente, ang pagkolekta, paggamit at paglalantad ng personal na impormasyon ay dapat alinsunod sa batas ng BC. Ang impormasyon ay ibinabahagi lamang sa iba kapag ito ay nasa pinakamabuting interes ng kliyente. Ang ibig sabihin nito ay maaaring ibahagi sa mga tao ang ilan sa pinansyal o iba pang impormasyon sa mga health care provider o pamilyang kasangkot kung ito ay kinakailangan, upang magbigayan ng suporta ang kliyente, o para sa PGT na maipatupad ang mga tungkulin nito. Ang mga kahilingan at sitwasyon ng kliyente ay laging isinasaalang-alang.

Pagkolekta ng kita at pagbabayad ng bills

Ang PGT ang mangongolekta ng kita sa ngalan ng kliyente. Halimbawa, ang PGT ang maaaring kumulekta ng mga sahod, mga pensyon, disability payment, Worksafe BC payment, annuities, mortgage at kasunduan para sa mga pagbabayad sa napagbebeentahan, kita sa pamumuhunan, mga upa at mga regalo na ayon sa testamento.

Tinitiyak din PGT na ang anumang mga bills o gastos ay binayaran sa ngalan ng kliyente. Kung magagawa ng kliyente na pamahalaan ang ilang mga pang araw-araw na gastusin, maglalaan ng pondo sa bank account ng kliyente upang masakop ang mga gastos sa mga groceries, transportasyon at paglilibang. Kung ang kliyente ay nasa isang pasilidad ng pangangalaga, babayaran ng PGT ang singil ng pasilidad (maintenance charges) at magbibigay ng karagdagang pera para sa maliliit na mga pamimili ng kliyente kung kayang bayaran ito.

Kung may pangangailangan ang dependents ng kliyente, maaaring gamitin ang assets ng kliyente upang matulungan ang mga ito, depende sa uri at halaga ng tulong, ang kagustuhan at pangangailangan ng kliyente, at ng kanyang mga legal na obligasyon na tulongan ang miyembro ng pamilya.

Kapag ang nasa hustong gulang ay walang pera upang mabayaran ang mga gastos sa pamumuhay, ang PGT ay mag-aaply para sa income assistance, o iba pang naaangkop na mga benepisyo, sa ngalan ng kliyente.

Kung mayroong mga utang o iba pang mga pananagutan, at ang nasa hustong gulang ay may sapat na ponto, aayusin ng PGT ang pagbabayad nito o ang pakikipagkasundo sa mga paghahabol sa ngalan ng nasa hustong gulang.

Pamamahala ng mga ari-arian

Kapag ang isang tao ay naging kliyente ng PGT, ang PGT ay nagbubukas ng isang trust account para sa kliyente. Dito ini-invest ang mga pera ng kliyente, kung saan nanggagaling ang kita, at mga pambayad sa bills. Ang PGT ang mangangalaga o magbebenta ng iba pang mga ari-arian, depende sa uri ng ari-arian at ang mga sirkumstansya ng mga kliyente. Maraming mga ari-arian (hal., mga sasakyan at speculative stocks) ay maaaring magpababa sa halaga nito kung hindi ito maiko-convert sa pera. Madalas, ang mga pangangailangan ng pamilya ng kliyente, mga hinihingi ng creditor, mga gastos ng pag-iimbak at iba pang mga sirkumstansya ay nangangailangan ng pagbebenta ng mga ar-arian. Gayundin, dahil sa katangian, ang ilang mga asset ay ang mas mabuting mai-convert sa cash kung ang mga ito ay mahirap na pangalagaan. Ang bawat partikular na sirkumstansya ng kliyente ang magtutukoy ng pinakamahusay na opsyon.

- **Mga Bank Account:** Kung maaari, isinasagawa ang mga pagsasaayos sa gayon ang isang kliyente ay patuloy na mai-access ang kanyang mga bank account. Ang mga ito ay mananatili ngunit may restriction upang pangalagaan ang interes ng kliyente. Kapag ang kliyente ay walang kakayahang maka-access sa bank account niya ay karaniwang isinasara ito at ang mga nalikom ay ini-invest sa isang trust account na itinatag para sa kliyente kasama ng PGT.
- **Joint Bank Account (Magkasanib na Bank Account):** Kapag ang isang kliyente ay may isang joint bank account na kasama ang isa pang tao, may ilang mga bagay na isinasaalang-alang, tulad ng katangian at layunin ng pagbubukas ng account. Ang bawat sitwasyon ay aaksyunan sa isang indibidwal na batayan.
- **Joint Spousal Assets (Magkasanib na Ari-arian ng Mag-asawa):** Kapag ang kliyente at ang kanyang asawa ay may magkasanib na mga ar-arian, ang PGT ay makikipagtrabaho sa asawa tungkol sa mga isyu tulad ng buwis, real estate, seguro at mga opsyon sa paghahati ng pensyon.
- **Iba pang Magkasanib na Ari-arian** Kapag ang kliyente ay may magkasanib na ar-arian sa iba pang tao, ang PGT ay makikipagtrabaho sa taong ito sa mga isyu tulad ng mga buwis, real estate, at seguro.

- **Cash o pera:** Ang lahat ng mga na-liquidate na ari-arian ay ilalagay sa trust account o investment account na kasama ng PGT.
- **Mga Laman ng Safety Deposit Box:** Responsibilidad ng PGT na tiyakin na ang lahat ng mahalalagang mga ari-arian ay naimbentaryo at protektado. Kadalasan safety deposit box ay isinasarado at inaalis ang mga laman para pangalagaan.
- **Stocks at Bonds:** Ang mga stocks at bonds ay maaaring ibenta kapag kailangan ng kliyente ng pera. Kung ang PGT ang mangangasiwa ng mga gawain ng kliyente sa mahabang panahon, ang mga investment ay tatasahin at ililipat sa isang investment account na pinamamahalaan ng PGT. Sisikapin na maiwasan ang penalties sa pag-withdraw ng mga ito.
- **Mga Kasangkapan at iba pang mga Personal na Ari-arian:** Kung ang kliyente ay patuloy na mamumuhay sa kanyang sarili, ang mga kasangkapan at iba pang mga ari-arian ay iiwanan sa kliyente. Kapag ang kliyente ay hindi na mamumuhay nang nagsasarili at hindi na kailangan ang kanyang mga kasangkapan at iba pang mga ari-arian, ang mga bagay na ito ay maaaring maiimbak sa storage kung kaya niyang bayaran. Kung hindi na kailangan ng kliyente ang kanyang mga personal na ari-arian, maaari itong ibenta sa isang pampublikong auction at ang mga kikitahin ay itatabi sa trust account ng kliyente.
- **Mga Alaala o Memorabilia:** Sisikapin na ang lahat ng mga memorabilia ng kliyente ay mapapanatili o maiimbak, tulad ng mga larawan at alaala ng pamilya.
- **Pamamahala ng mga Ari-arian:** Kung patuloy na maninirahan ang kliyente sa tahanan o may planong bumalik sa tahanan, lahat ng pagsusumikap ay gagawin upang mapanatiling maayos ang bahay ng kliyente. Kung ang pagtigil ng kliyente sa ospital ay inaasahang maikling panahon lamang, ang tahanan ay pangangalagaan at pananatilihing bakante. Kapag ang pagtigil sa ospital ng kliyente ay magtatagal, ang mga personal na ari-arian ay ililipat sa storage at ang bahay ay maaaring parentahan. Maaari itong isagawa kapag ang kliyente ay may sapat na mga pagkukunan para mabayaran ang mga gastos tulad ng buwis, mortgage, pagkukumpuni, at iba pang mga gastusing kaugnay ng pagmimintina ng ari-arian. Ang PGT ang maghahanap ng isang kumpanya na magmimintina ng ari-arian, magkukumpleto ng pagkukumpuni, magsagawa ng inspeksyon, at pag-winterize ng bahay.
- **Pagbebenta ng Real Estate:** Kung ang kliyente ay malamang na hindi na gagamitin muli ang ari-arian, o hindi na kayang bayaran ang mga gastos sa pamamahala nito, ang ari-arian ay maaaring ipagbili. Ang kliyente at ang kanyang pinakamalapit na kamag-anak, kung kilala ng PGT, ay kokonsultahin muna bago ang pagbebenta nito. Bago ibenta ang ari-arian, kailangang i-appraise muna ito upang matiyak na makakakuha ng pinakamagandang presyo mula sa pagbebenta nito.
- **Mga Sasakyan:** Sa ilang mga kalagayan, na ang kliyente ay nagagawa pang magmaneho ng isang sasakyan at kung may sapat na pondo, babayaran ng PGT ang seguro ng sasakyan at mga gastos na may kinalaman sa sasakyan. Madalas, ang kliyente ay hindi nagagamit ang sasakyan. Kapag ang kliyente ay hindi nagmamaneho o napapakinabangan ang sasakyan, ibebenta ng PGT ang sasakyan.

Mga bayarin at gastos

Sumisingil ng bayad (fees) ang PGT para sa mga serbisyo ng committee of estate: sa pangangasiwa ng mga ari-arian, pamamahala ng kita, pagbabayad ng mga gastos, pagprotekta ng mga ari-arian, pagbabangko, pamumuhunan at pagbabadyet. Ang isang detalyadong paglalarawan ng mga bayarin (fees) ay maaaring matagpuan sa www.trustee.bc.ca/fees.

Ang kliyente ay responsable din para sa mga gastos na kaugnay ng mga produkto o propesyonal na mga serbisyong ibinigay sa kliyente tulad ng mga serbisyo ng real estate agents, serbisyo sa pamamahala ng ari-arian (property management), pagkukumpuni sa bahay, paghahanda at pagbabayad ng buwis sa ari-arian, legal na mga serbisyo at pag-iimbak ng ari-arian (storage), pangangalaga at pagmimintina .

PAGTATAPOS NG TUNGKULIN NG PGT BILANG COMMITTEE OF ESTATE

Ang isang committee ay ina-appoint hanggang sa matukoy sa isang pagtatasa na ang nasa hustong gulang ay may kakayahan na, kapag namatay ang kliyente, tinapos ng hukuman ang committeeship, o may ibang tao na hinirang ng hukuman.

Kapag ang tungkulin ng PGT bilang committee of estate ay natapos na, dahil ang isang kliyente ay may kakayahan na, isang staff ng PGT ay mag-uulat sa kliyente ukol sa kanyang mga pinansyal na impormasyon, katayuan ng anumang umiiral na legal na usapin, mga pangunahing isyu, at makakatulong na mga pagkukunan at mga contact sa komunidad para matiyak ang isang maayos at matagumpay na paglipat sa nakapagsasariling pamumuhay. Kapag natapos na ang PGT sa tungkulin nito bilang committee of estate, ang lahat ng mga ari-arian ay ibinabalik sa kliyente.

Ang mga hakbang na kinakailangan upang tapusin ang committeeship ay depende sa kung ang PGT ay ini-appoint sa pamamagitan ng isang sertipiko ng kawalang-kakayahan o isang kautusan ng hukuman.

a) **Committeeship sa pamamagitan ng kautusan ng hukuman:** Kapag ang hukuman ang nag-appoint sa PGT, isang bagong kautusan ng hukuman ang kinakailangan upang tapusin ang committeeship. Ito ang kaso para sa lahat ng mga committee na ini-appoint ng hukuman. Ang paraan lamang upang tapusin ang isang committeeship na iniutos ng hukuman ay magpasya ang hukuman na ang nasa hustong gulang ay may kakayahan na. Ang tulong ng isang abogado ay karaniwang kailangan upang mag-apply para sa isang deklarasyon ng kakayahan (declaration of capability) sa hukuman. Ang nasa hustong gulang ang may responsibilidad para sa anumang mga legal na bayarin. Kung ang PGT ay committee, ang case manager ng kliyente ay makatutulong sa pag-coordinate ng prosesong ito.

b) **Committeeship sa pamamagitan ng Sertipiko ng Kawalang-kakayahan:** Kapag ang PGT ay committee of estate sa pamamagitan ng isang sertipiko ng kawalang-kakayahan, maaaring tapusin ang committeeship kapag:

- Ang nasa hustong gulang ay natukoy na may kakayahan na pagkatapos ng pangalawang pagtatasa o muling pagtatasa ng kawalang-kakayahan;
- Ang PGT ay hindi na kinakailangan. Halimbawa, ang mga impormal na opsyon ay maaaring sapat na upang tugunan ang mga pag-aalala o isang taong pinagkakatiwalaang ay maaaring tumulong;
- Tinapos na ng hukuman ang committeeship; o
- Nag-appoint ang hukuman ng isang bagong committee.

Muling pagtatasa (Reassessment)

Ang nasa hustong gulang ay maaaring humiling ng isang muling pagtatasa ng kakayahan at kausapin ang isang staff ng PGT na maaaring magpaliwanag tungkol sa mga hakbang na kinakailangan at tumulong sa proseso ng paghiling ng isang muling pagtatasa. Maaari ring direktang kausapin ng nasa hustong gulang ang kanyang doktor. Maaaring kailangang bayaran ng nasa hustong gulang ang gastos sa muling pagtatasa.

Bilang karagdagan sa paghiling ng isang muling pagtatasa, ang mga nasa hustong gulang ay maaaring kumonsulta sa isang abogado tungkol sa mga opsyon o kahilingan na hamunin ang isang sertipiko ng kawalang-kakayahan o kautusan ng hukuman. Ang nasa hustong gulang ang manangot para sa anumang legal mga bayarin. Maaaring magbigay ang case manager sa kliyente ng isang listahan ng mga mapagkukunan ng mga legal na serbisyo.

Kapag ang nasa hustong gulang ay mayroon nang kakayahan o ang PGT ay hindi na kailangan

Ililipat ng PGT ang lahat ng mga ari-arian sa kliyenteng nasa hustong gulang at tutulungan ito na makabalik sa pamumuhay na nagsasarili. Makakaasa ang nasa hustong gulang sa PGT na:

- Ipaalam sa mga kinauukulang partido ang pagtatapos ng awtoridad ng PGT bilang committee of estate;
- Kaagad na ibalik ang lahat ng mga ari-arian;
- Ibalik sa kliyente ang pamamahala sa mga kita at pagbabayad ng bills;
- Magbigay ng impormasyon ukol sa pinansya, mga pangunahing isyu, anumang umiiral na legal na usapin, at mga mapagkukunan ng impormasyon sa komunidad;
- Sagutin ang anumang mga katanungan;
- Tumulong upang magkaroon ng isang panatag na pagbabalik ang kliyente sa pamumuhay na nagsasarili.

Kapag ang isang committee ay pinalitan

Ang PGT o isang private committee ay maaaring mapalitan kung may isang kautusan ng hukuman na mag-appoint ng isang bagong committee. Kapag ang isang tao ay nais na maging committee para sa isang kliyente ng PGT, ang taong iyon ay maaaring mag-apply sa hukuman upang ma-appoint. Kapag nai-appoint, ililipat ng PGT sa bagong private committee ang responsibilidad sa mga gawain ng kliyente.

Ang PGT ay tutulungan ang private committee na maunawaan ang kanilang mga legal na tungkulin at ibigbigay ang mga pinansyal na impormasyon ng kliyente, katayuan ng anumang umiiral na legal na usapin, mga pangunahing isyu, at makatutulong na mga mapagkukunan ng impormasyon sa komunidad at mga contact upang matiyak ang isang maayos at matagumpay na paglilipat sa private committee.

Kung sa anumang pagkakataon ay hindi magawang kumilos ng private committee (halimbawa, kapag namatay ang private committee o ang kanyang awtoridad ay kinansela) ang PGT ang magiging default committee hanggang sa makapag-appoint uli ng isang bagong committee.

KAPAG ANG KLIYENTE AY NAMATAY

Kapag namatay ang isang kliyente habang ang Public Guardian and Trustee (PGT) ang committee of estate, ang lahat ng mga kayamanan ng kliyente ay maagiging bahagi ng ari-arian (estate) ng kliyente. Ang testamento ng kliyente, o ang pangprobinsyang panuntunan (intestacy rules) kapag namatay nang walang testamento ang kliyente, ang tutukoy kung paano ipamamahagi ang mga ari-arian. Ililipat ang mga ari-arian sa tagapagpatupad (executor) ng kliyente o tagapangasiwa (administrator) na siyang responsable para sa pamamahagi ng mga kayamanan/aria-arian ng kliyente sa mga benepisyaryo ng namatay o tagapagmana kung walang testamento. Hanggang sa mailipat ang mga ari-arian, ang PGT ang mangangalaga ng mga ari-arian at ang patuloy na kukolekta ng kita ng kliyente.

Pagsasaayos ng libing

Ang mga miyembro ng pamilya ng kliyente ay hinihikayat na kumonsulta sa isang case manager ng PGT kapag nagsasaayos ng libing. Kapag walang tagapagpatupad o miyembro ng pamilya, ang case manager ang magsasaayos ng libing.

Mga panimulang hakbang

Ang PGT staff ang:

- kukuha ng sertipiko ng kamatayan;
- mag-aabiso sa lahat ng mga pinagmumulan ng kita, creditors at Canada Revenue Agency;
- magtatangka na hanapin ang tagapagpatupad o malapit na kamag-anak na naaangkop na pangasiwaan ang mga ari-arian;
- magbibigay ng impormasyon ukol sa mga kayamanan/ari-arian sa tagapagpatupad o malapit na kamag-anak upang gumawa ng application sa hukuman na pangasiwaan ang mga ari-arian;
- rerepasuhin ang pamamahala ng PGT sa pinansya ng kliyente, kabilang ang pagrepasso sa mga bayarin.

Paglilipat ng ari-arian

Kailangan ng PGT ng isang kopya ng pagkatawan (representation grant) na ibinigay ng hukuman na nagpapahintulot sa tagapagpatupad o tagapangasiwa na tumanggap ng mga pondo ng ari-arian.

Humihiling ang PGT na ang paglalabas ay napirmahan ng tagapagpatupad o tagapangasiwa. Para sa mga maliliit na ari-arian, ang kopya ng pagkatawan ay maaaring hindi kinakailangan. Makipag-usap sa staff ng PGT para sa karagdagang impormasyon.

Ang legal na awtoridad ng PGT sa panahon ng paglilipat

Ang PGT ay patuloy na may awtoridad bilang committee of estate kahit na pagkamatay ng isang kliyente hanggang sa makapag-issue ng kopya ng pagkatawan na ibinibigay pagkatapos ma-appoint ang isang tagapagpatupad o tagapangasiwa. Gayunpaman, ang pagpapatupad ng mga awtoridad na ito ay limitado. Sa panahong ito, ang Estate Liaison department ang nagsasagawa ng mga pang-araw-araw na pangangasiwa na kaugnay ng pagmimintina at pangangalaga ng mga ari-arian.

Kapag ang tagapagpatupad o pinakamalapit na kamag-anak ay hindi matagpuan

Ang PGT Estate and Personal Trust Services ang mangangasiwa sa ari-arian ng mga taong mamatay sa BC, mayroon man o walang testamento kapag ang isang tagapagpatupad, miyembro ng pamilya o iba pang karapat-dapat na tao ay hindi nais na o walang kakayahang ipatupad ang pangangasiwa ng ari-arian. Kapag namatay ang isang kliyente habang ang PGT ang committee, ang Estate Liaison department ay maaaring sumangguni sa Estate and Personal Trust Services o kaya sa BC Unclaimed Property Society. Kung ang mga ari-arian ng kliyente ay nailipat na sa BC Unclaimed Property Society, ang isang naghahabol (claimant) ay dapat na makipag-ugnayan sa kanila nang direkta sa pamamagitan ng libreng pagtawag sa 888.662.2877 o info@bcunclaimedproperty.bc.ca.

Kapag ang PGT ang Committee

Impormasyon sa mga Karapatan

Kapag ang Public Guardian and Trustee (PGT) ang na-appoint na committee of estate, ang PGT ay may awtoridad na pamahalaan ang mga pinansyal at legal na gawain sa ngalan ng kliyente. Nagbibigay ang publikasyon na “[Kapag ang PGT ay ang Committee](#)” ng detalyadong impormasyon tungkol sa kung paano namin tinutulungan ang aming mga kliyente at pamahalaan ang iba’t ibang mga ari-arian. Nagbibigay ito ng ilang impormasyon tungkol sa mga karapatan ng kliyente.

Impormasyon sa mga Karapatan

Mula Disyembre 1, 2014, naglabas ng ilang mga pagbabago sa batas sa BC ukol sa pangangalaga ng nasa hustong gulang. Kapag ang PGT ay nai-appoint bilang committee of estate sa pamamagitan ng isang sertipiko ng kawalang-kakayahan, ang nasa hustong gulang ay may karapatan para sa ikalawang pagtatasa, muling pagtatasa at pagrepaso ng hukuman.

- Ikalawang pagtatasa: Sa loob ng 40 araw pagkatapos na abisuhan ng PGT ang nasa hustong gulang na ang PGT ang na-appoint na committee of estate, ang nasa hustong gulang, o ang isang taong kumikilos sa ngalan ng nasa hustong gulang, ay maaaring humiling ng ikalawang pagtatasa.
- Muling pagtatasa: Ang nasa hustong gulang ay may karapatang humiling ng isang muling pagtasa bawat 12 buwan. Ang case manager ay tutulong sa pagkoordinang pagtatasa o maaaring kausapin nang direkta ng nasa hustong gulang ang kanyang doktor.
- Pagrepaso ng hukuman: Pagkatapos ng ikalawang pagtasa o muling pagtatasa, ang mga nasa hustong gulang ay may karapatan na mag-apply sa hukuman para sa isang pagrepaso ng pagpapasya.

Paano ako makakakuha ng isang kopya ng aking pagtatasa?

Mayroon kang karapatan na kumuha ng iyong personal na impormasyon. Kausapin ang iyong case manager tungkol sa pagkuha ng kopya ng iyong pagtatasa o iba pang mga talâ sa iyong file.

Paano ko hahamunin ang isang desisyon na ako ay wala nang kakayahan?

Bilang karagdagan sa paghiling ng pangalawang pagtatasa o muling pagtatasa, maaari kang kumonsulta sa isang abogado tungkol sa mga opsyon o tulongan kang hamunin ang isang sertipiko ng kawalang-kakayahan o kautusan ng hukuman. Ikaw ang may responsibilidad para sa anumang mga legal na bayarin. Mayroong iba’t ibang mga paraan upang makakuha ng legal na tulong, kabilang ang libreng legal na impormasyon, legal na payo o legal na pagkatawan sa korte. Mangyaring tanungin ang iyong case manager para sa listahan ng mga mapagkukunan.

Paano ako hihiling ng isang muling pagtatasa ng aking kakayahan?

Maaari mong kausapin ang iyong case manager na siyang makakapagpaliwanag ng mga kinakailangang hakbang at tulongan ka sa proseso sa paghiling para sa isang muling pagtatasa. Maaari mo ring kausapin nang direkta ang iyong doktor. Maaaring kailangan mong bayaran ang gastos sa muling pagtatasa.

Paano ako maidedeklara na may kakayahang pangasiwaan ang aking sariling mga gawain?

Ang mga hakbang na kinakailangan ay depende sa kung paano na-appoint ang PGT - sa pamamagitan ng kautusan ng hukuman o sa pamamagitan ng sertipiko ng kawalang-kakayahan. Tingnan ang ika 9 na pahina ng “Kapag ang PGT ang Committee” para sa karagdagang detalye.

Paano ako magreklamo kaugnay ng mga serbisyo o pagpapasya ng PGT?

Ang PGT ay may isang panloob na proseso para sa paggawa ng mga reklamo. Tanungin ang iyong case manager para sa karagdagang impormasyon o bisitahin ang aming website sa www.trustee.bc.ca/Pages/feedback.aspx. Kapag hindi ka nasiyahan sa mga sagot ng PGT sa iyong reklamo, maaari mong idiretso ang iyong reklamo sa BC Ombudsperson (o opisyal ng pangprobinsyang lehislatura) sa pamamagitan ng pagtawag sa 1.800.567.3247 o pagbisita sa www.bcombudsperson.ca.

Makipag-ugnayan sa Public Guardian and Trustee

Greater Vancouver Regional Office

✉ 700–808 West Hastings Street
Vancouver, BC V6C 3L3

☎ Telepono 604.775.1001

📠 Fax 604.660.9498

@ Email STA@trustee.bc.ca

Interior–North Regional Office

✉ 1345 St. Paul Street
Kelowna, BC V1Y 2E2

☎ Telepono 250.712.7576

📠 Fax 250.712.7578

@ Email STA@trustee.bc.ca

Vancouver Island Regional Office

✉ 1215 Broad Street
Victoria, BC V8W 2A4

☎ Telepono 250.356.8160

📠 Fax 250.356.7442

@ Email STA@trustee.bc.ca

🕒 Oras ng Trabaho sa PGT, Lunes hanggang Biyernes 8:30am - 4:30pm

Matatawagan nang libre o toll free

Pagkatapos ng pag-dial sa naaangkop na numero para sa iyong lugar (tingnan ang nasa ibaba)
hilingin na maikunekta sa Public Guardian and Trustee.

☎ Vancouver 604.660.2421

☎ Victoria 250.387.6121

☎ Mga Karatig ng BC 1.800.663.7867

@ Email webmail@trustee.bc.ca

www.trustee.bc.ca

